

4-30-2023

Ang Balintuna ng Pesimismo at Pag-asa sa “Ilang Aeta mula sa Botolan” ni Cirilo F. Bautista (The Paradox of Pessimism and Hope in Cirilo F. Bautista’s “Ilang Aeta mula sa Botolan”)

Mesándel V. Arguelles

De La Salle University, Philippines, mesandel.arguelles@dlsu.edu.ph

Follow this and additional works at: <https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda>



Part of the [Creative Writing Commons](#), [Pacific Islands Languages and Societies Commons](#), [Race, Ethnicity and Post-Colonial Studies Commons](#), and the [South and Southeast Asian Languages and Societies Commons](#)

Recommended Citation

Arguelles, Mesándel V. (2023) "Ang Balintuna ng Pesimismo at Pag-asa sa “Ilang Aeta mula sa Botolan” ni Cirilo F. Bautista (The Paradox of Pessimism and Hope in Cirilo F. Bautista’s “Ilang Aeta mula sa Botolan”)," *Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance*: Vol. 3: No. 1, Article 4.

DOI: <https://doi.org/10.59588/2782-8875.1048>

Available at: <https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda/vol3/iss1/4>

This Perspective Article is brought to you for free and open access by the DLSU Publications at Animo Repository. It has been accepted for inclusion in Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance by an authorized editor of Animo Repository.

PERSPECTIVES

Ang Balintuna ng Pesimismo at Pag-asa sa “Ilang Aeta mula sa Botolan” ni Cirilo F. Bautista

Mesándel V. Arguelles
De La Salle University, Philippines
mesandel.arguelles@dlsu.edu.ph

Abstrak

Sa sanaysay na ito, ginagalugad ang isa sa mga birtud ng panulaan ni Pambansang Alagad ng Sining sa Literatura Cirilo F. Bautista—ang balintuna, sa pangunahin, ang balintuna ng pesimismo at pag-asa kaugnay ng pagpaksa sa mga usapin, suliranin, at penomenong panlipunan ng kanyang panahon hanggang sa kasalukuyan. Pinagninilayan din ang bait at bisa ng kanyang mga tula na nakasalalay sa kabatirang kapwa lubhang mahalaga at di-makasasapat ang wika upang, aniya, ay “ipahayag ang ating isip at damdamin” na nagbunsod sa kanya sa pagbuo ng pormulasyong “sugat ng salita” at “kirot ng kataga”—kapwa ginamit bilang mga susing konsepto ng kanyang dalawang aklat ng tula sa Filipino.

Mga susing salita: balintuna, pesimismo, pag-asa, sugat ng salita, kirot ng kataga

The Paradox of Pessimism and Hope in Cirilo F. Bautista’s “Ilang Aeta mula sa Botolan”

Abstract:

This essay explores one of the virtues of the poetry of National Artist for Literature Cirilo F. Bautista—paradox, primarily the paradox of pessimism and hope vis-à-vis the concerns, dilemmas, and social phenomena of his time until the present. This essay also examines the insight and influence of Bautista’s poems, which rely on the idea that language is both greatly significant and insufficient to, in his words, “express our thoughts and feelings.” This idea gave rise to his formulation of “sugat ng salita” and “kirot ng kataga”—which became the key concepts of his two poetry books in Filipino.

Keywords: *paradox, pessimism, hope, sugat ng salita, kirot ng kataga*

Ilang Aeta mula sa Botolan

Bingi ang kapalaran at ang pag-ibig
ay hindi nahihingi. Kahit ang kaban
ng langit ay may kandado at mahirap
makatulog kapag ang kumot ay abo:
'yan ang hinuhugis ng kanilang itim 5

na katahimikan, isang pagsasakdal
sa aking katiwasan na patuloy
sa pagkinang sa gitna ng mga aklat,
tasa ng kape, pan de sal, at betamax.
Higit na pinatingkad ng aming mga 10

kulay ang kaibhan ng aming kataga,
gayung kay tagal ko nang pinagsikapang
unawain ang mga lihim na titik
ng kanilang hininga, ang kahulugan
ng kulot na buhok, malamalam na mata, 15

pagkamahiyain. Ngayon, muli kaming
pinagtagpo ng galit ng Pinatubo,
dito sa aking silid-aklatan. Ano
ang nagkadena sa aming kaluluwa?
Ang katiwalian ng isip? Ang kapit 20

sa yaman? Ang bulwak-bulkan ay paglusob
sa kuta ng nakagawiang ligaya
upang kalabitin ang budhi, at ito'y
ihinudyat ng puting abo sa balat
at sa bubong ng bahay. Hindi matarok 25

ang halaga ng pinsala sa Zambales—
'di mabilang ang tirahan at buhay na
tinangay ng lahar, kay lawak ng lungkot—
subalit damdam nila ang hapdi sa utak
dahil hindi masawata ng de lata 30

at tinapay ang halimaw sa kanilang
bangungot. Marupok ang hibla kung basa,
hindi maitaling mahigpit ang isip
sa iniisip. "Ay, agnawen ihipen
ya malake ya mati," bigkas ng isa 35

sabay iling. Dito sila napadpad na
pasan ang sansiglong pighati. Naputol
na ang tali nila sa kanilang Diyos,
wasak na ang altar, ang simbahang gubat,
ang awiting-anghel sa buhang-liwayway, 40

at ako, na malaon na ring nilisan
ng aking Diyos, ang kanilang kinanlungan!
Sa pagsasanib na ito, anong tulong
ang aming makakalap upang idampi
sa sugat? Ilang tula ang nararapat 45

kong ikatha upang mabunyang ang lalim
ng dusa? Pinagmasdan ko sina Dante,
Shakespeare at Balagtas sa abang pagsamo:
"Saan kami lilikas para linisin
ang makapal na abo sa aming puso?" 50

Sa sanaysay na ito, sinisipat ang balintuna sa mga akda ni Bautista, sa partikular, ang balintuna ng pesimismo at pag-asa. Nakasalalay o nakatabi/nakabangga ang hidwaang ito sa (1) mga realidad at usapin o suliraning panlipunan at gayundin sa (2) mismong balintunang katangian ng wika: na ito lang ang mayroon tayo, ngunit ito ay hindi sapat kailanman. Mapapansin ang ikalawang salalayan sa sariling pahayag mismo ni Bautista hinggil sa matalik na ugnayan ng kanyang dalawang aklat ng tula sa Filipino, ang *Sugat ng Salita* at *Kirot ng Kataga*.¹ May magkahidwang estetika si Bautista sa pagtula sa Ingles at Filipino. Walang emosyon, o tinatangang tanggalin ang emosyon, sa Ingles, samantalang madamdamin sa Filipino. Bakit gayon? Ayon kay Ronald Baytan: "Bautista's modernism...is tempered by a deep sense of poetry's social function: to serve the nation (211)." Maliwanag para kay Bautista na magagawa ng pagtula na magbigay ng komentaryong panlipunan upang matugunan ang pangunahing tungkulin nitong makapagsilbi. At sa bagay na ito, para sa kanya, higit na angkop ang Filipino (Tagalog kay Bautista) para sa komentaryong panlipunan dahil batid na lumitaw ang Filipino mula sa kasaysayan ng opresyon at kasalatan at wika itong laging nagbabalikwas laban sa anuman (225). Kinikilala ni Bautista na ang wikang Filipino ay wika ng himagsik. At sa ekstensiyon, ang tula sa wikang Filipino, kung gayon, ay wika at tula rin ng himagsik. Higit pa, kung tula ito ng himagsik, himagsik ito sa isang anumang kasalukuyang pangit na kalagayan—kaya naman maaari ngang magtaglay ito ng pesimistikong pananaw ng persona o mismong makata. Gayunman, balewala ang anumang himagsik kung himagsik lang ito na naglalarawan ng anumang di-magandang kalagayan at walang bisyon ng pagbabago o pag-asa para sa pagbabago. Itong bisyon kasi ng pag-

asa para sa pagbabago ang maaaring makapagpakilos sa mga nasa di-magandang kalagayan upang mabago, mapabuti ang kanilang sitwasyon. Kaya sinasabi rin ni Bautista na mayroon pa rin siyang nakikitang konting bahid ng pag-asa sapagkat hindi pa rin nawawala ang kanyang paniniwala sa kabutihan ng tao (*Kataga* XV).

Mahalagang balikan at tandaan na 26 na taon na ang nakalilipas mula nang unang ilathala ang aklat na *Kirot ng Kataga* na naglalaman ng “Ilang Aeta mula sa Botolan.” Sa aklat na ito, itinanong ni Bautista kung maiiwasan nga bang maging pesimistiko ang kanyang pananaw kung lalong lumalala ang kalagayan ng ating buhay sa pagdaan ng mga taon. Nakagigimbal pa rin ba at nakalulungkot ang ating panahon? Hindi na natin kailangang lumayo o tumingin sa malayo upang sagutin ito. Nito lang nagdaang mga panahon ay muling naging mas aktibo ang Bulkang Taal, na nagdulot ng panibagong pangamba sa atin lalo na sa mga nasa kalapit-lugar nito, dahil sariwa pa ang pagputok nito noong Enero 2020. Umabot sa 39 na katao ang namatay kaugnay ng kalamidad na ito at naapektuhan ang ating ekonomiya. Halimbawa, ayon sa Kagawaran sa Pagsasaka, sa agrikultura at mga produkto nito kabilang ang paghahayupan, tinatayang umabot sa 3.6 bilyong piso ang halaga ng pinsala at sa pangisdaan sa Lawa ng Taal ay tinatayang nasa 1.6 bilyong piso ang halaga ng mga nalugi (DA Communications Group). Kung mga bagyo naman ang pag-uusapan, nito lang nagdaang taon din ay sinalanta tayo ng magkasunod na mga super typhoon—ang mga bagyong Rolly at Ulysses, halos dalawang linggo lang ang pagitan. S’yempre ay tanaw pa rin natin at hindi pa tayo makalayo sa mapangwasak na bakas ng bagyong Yolanda noong 2013. Ilang mamamayan ang nasawi sa mga trahedyang ito? Ilang kabuhayan ang nawala?

Ilang mamamayan din ang naging biktima ng tokhang, ang umano ay drug war ng pamahalaang Duterte pero sa katotohanan ay gera laban sa mahihirap? Sa ulat ng *Philippine Daily Inquirer* noong Setyembre 2020, tumaas ang bilang ng mga napaslang na drug suspects sa gitna ng pandemya, hindi bababa sa 201 (Corrales at Valenzuela). Sa kabuuan, ayon sa PDEA, mula noong 2016 ay 5,856 ang napatay na drug suspects subalit ayon sa mga grupo ng karapatang pantao ay umaabot na ito sa 27,000 (DA Communications Group). Idagdag pa natin ang 190 lider-magsasakang pinaslang noong 2020 (Ocampo). Ilang aktibista, ilang lumad, ilang mamamahayag, ilang abogado at tagapagsulong ng karapatang pantao

ang pinaslang nitong mga nakaraang panahon? At sabihin pa ay tuloy pa rin ang pandemyang COVID-19 sa kasalukuyan kahit pumasok na tayo sa tinatawag na bagong normal at nagpalit na ng rehimen. Gaano karami na ang nasawi nating kababayan hanggang sa sandaling ito dahil sa COVID-19 at patuloy na mga may kaso ng pagkakasakit? Gaano kalaking halaga ang nautang ng nakaraang gobyernong Duterte upang umano ay tugunan ang napakalaking problemang ito? Sa isang mabilis na sulyap, ayon sa ulat, noong Abril 23, 2021: lomobo na ito sa 754 bilyong piso (Investigative and Research Group ng ABS-CBN). Saan napunta ang kalakhan ng inutang na pondo na babayaran ng bawat isa sa atin?

Ilan lang ang mga pangyayari at datos na aking mabilisang inihanay sa pinagdaanan at patuloy nating pinagdadaanan sa kasalukuyan. Muli, maiiwasan nga bang maging pesimistiko kung patuloy na lumalala ang ating kalagayan? Sa ganitong konteksto, maaaring higit na masipat ang balintuna ng pesimismo at pag-asa sa mga tula ni Bautista partikular sa “Ilang Aeta mula sa Botolan” bagamat hindi nga maikakahon sa iisang pagbasa lang ang tulang ito—halimbawa’y maaaring kuwestiyonin kahit ang paniniwala ni Bautista sa panlipunang tungkulin ng pagtula o di-kaya nama’y lalo pang susugan kaugnay ng paniniwala sa mas tahasang layuning politikal ng panulaan lihis o lampas pa sa pagtatanghal ng mga poetikong kasangkapan at bisang pampanitikan ng mga ito at hinihinuhang maaaring epekto o dating sa mambabasa. Ano’t anuman, maliwanag na nasulat ang “Ilang Aeta mula sa Botolan” pagkaraan ng pagputok ng Bulkang Pinatubo noong 1991. Lantad ito sa pamagat na tumutukoy sa mga Aeta mulang Botolan, ang lunan mismo ng bulkan at direktang inihahayag sa linya 16 at 17 ng tula: “Ngayon, muli kaming / pinagtagpo ng galit ng Pinatubo...” Mahihinuhan isang makata ang persona sa tula na nagmomonologo o nagninilay tungkol sa kalagayan ng mga katutubong naitaboy sa kanilang lupain bunga ng pambihirang pagsabog ng bulkan at sa kanyang engkuwentro sa mga ito sa realidad man o sa imahinasyon, na ipinahihiwatig sa kanilang “muling pagtatagpo sa kanyang silid-aklatan.” Maaaring ipalagay na si Bautista mismo ang persona—gayunman, si Bautista man o hindi ang persona, ang mas mahalaga ay ang “nangyaring engkuwentro” at ang kaugnay nitong pagsusuri rin sa sarili ng persona, yamang siya ang maituturing na higit na nakaaangat sa kanila bilang edukado at

pribilehiyado: “mahirap / makatulog kapag ang kumot ay abo: / ’yan ang hinuhugis ng kanilang itim / na katahimikan, isang pagsasakdal / sa aking katiwasayan na patuloy sa pagkinang sa gitna ng mga aklat / tasa ng kape, pan de sal, at betamax.” Balintuna ang napagtabing mga kalagayan na batayan ng ipinahayag ng “pagsasakdal” sa persona: isang kalagayang batbat ng kasalatan kompara sa isang kalagayang komportable at nakasasapat kung hindi man ganap na marangya—may mga pagkain at inumin, mga aklat, at libangan na kinakatawan ng betamax.

Gayunman, ang isang matingkad na parikala² sa tula, sa kabila ng tinatamang “katiwasayan” ng persona ay hindi niya maiwasang mapuspos ng pesimismo sa kanyang pagninilay at pagtingin. Na para bang hindi sapat ang mga bagay na mayroon siya upang mapunan ang nakikita at nadarama niyang laganap na pagdarahop. Kaya sa unang pukol pa lang ng mga linya sa unang saknong, ganito na kabigat ang kanyang mga pahayag:

Bingi ang kapalaran at ang pag-ibig
ay hindi nahihingi.

Panimulang mga linya ito pero mahihinuhang napakalaki at napakahaba na ng pinagdaanan ng persona upang marakaring sa ganito kabigat na panlahatang paghatol at pagsuma sa kalagayan ng tao, na masasabing ang buhay sa isang mabilisang pagtingin ay saklaw at umiinog sa, at ginagabayan ng, kapalaran at pag-ibig. Dalawa ang pangunahing maaaring kahantungan ng gabay na ito ng kapalaran at pag-ibig: tagumpay at kabiguan. Pero mahalagang pansinin na dahil hindi rin naman lahat talaga ng tao ang tinutukoy sa tula, kundi ang mga katutubo, at sa partikular, ang mga katutubong Aeta na direktang apektado ng pagsabog ng Pinatubo, higit na sa kanila nakadirekta ang ganitong kapalaran ng kabiguan—na para sa kanila, bingi itong kapalaran. At ang mas masaklap pa, hindi lang kapalaran ang bingi sa kanilang paghihirap, hinaing, at kabuuang kalagayan kundi maging ang pag-ibig, dahil sa mahusay na pagputol ng linya (*enjambment*) sa salitang *pag-ibig*. Kaya kung babasahin ang unang linya na hindi pa isasaalang-alang ang kasunod na linya, ang mababasa ay “bingi ang kapalaran at ang pag-ibig.” Sa ibang salita, parehong bingi ang kapalaran at pag-ibig at pagdating lang sa ikalawang linya sa pagpapatuloy ng pagbabasa, saka liliwanag ang buong katuturan ng linyang “ang pag-ibig

/ ay hindi nahihingi.” Sa pagkakataong ito, mababago na ang ating pagbasa sa linyang ito dahil sa pahiwatig ng pagkakasangkot ng ibang tao o ng kapwa, na maaaring nagtataglay ng pag-ibig ngunit sa napakapait na pagbubuod nga ng persona ay hindi naman maaaring mahingian nito. Tila ba may nakapagitang malaking pader na nagsasabing bawal manghingi sa isang panig at bawal magbigay sa kabilang panig. Mas malamang sa hindi na ang kapwang tinutukoy ay hindi ang kapwa katutubong Aeta ng mga Aetang taga-Botolan kundi ang kapwa nila Pilipinong mas malamang sa hindi rin ay Kristiyano—tulad nga marahil ng persona o ni Bautista mismo. Malaking kabalintunaan ito kung gayon lalo pa’t kung sisipatin sa lente ng pangalawang pinakamahalagang utos sa Kristiyanismo: “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.”

Masasabing sa gitna ng pangyayari nagsisimula ang tula at sa isang kapansanan o kakulangan/kawalan—kawalan ng pandinig: bingi. Maraming maaaring maging sanhi ang pagkabingi. Maaaring natural o kaya ay bunga ng isang karamdaman o sakuna. Ang masakit, kung sinadya ang pagiging bingi o yung kaso ng pagbibingi-bingihan. Sa idyoma, “taingang-kawali.” Bakit bingi ang kapalaran para sa kanilang mga Aeta ng Botolan? Nabingi ba ito dahil sa napakalakas na pagsabog ng bulkan? O bakit bingi ito, gayong napakalakas ng pagsabog ng bulkan? Bakit bingi ang piniling kapansanan ni Bautista upang ipahiwatig ang malaking pesimistang pagtingin at pakiramdam sa bungad pa lang ng tula? Marahil ay dahil sa tunog. Tunog na kaugnay ng salita. Sa salita na nakatali at nakaugnay sa tao at sa kanyang kapwa. Pinag-uugnay tayo ng salita. Salitang naririnig aktuwal mang sambitin o basahin sa pahina at pairalin sa isip. Tunog din ang tula para kay Bautista. Kaya kung mawawala ang tunog—musika, ingay o karaniwang pananalita man—malaki ang mawawala. Pag nabingi ka ay nawawalan ka rin ng balanse. Pag bingi ka, madalas sa hindi, ay pipi ka rin. Hindi lang wala kang pandinig kundi wala ka ring kakayahang makapagsalita. Muli, ang paalala ni Bautista: “Ang salita ang puno at dulo ng ating siphayo sa daigdig (*Kataga XV*).” Kung gayon, kung bingi, sadya man o hindi, isa ba itong balintunang biyaya o sumpa?

Ano’t anuman, tiyak na hindi itinuturing ng persona na biyaya ang katahimikang idinudulot ng mga Aeta ng Botolan sa kanya—ang kanilang “itim na katahimikan” sapagkat ito nga mismo ang “nagsasakdal” sa kanya. Ang naglalagay sa kanya sa

di-komportable, di-mapakaling kalagayan sa kabila ng kanyang "katiwasayan." Bakit ba naiugnay niya ang sarili sa kanila? O hindi ba ito talaga maiiwasan? Kaya tanong niya: "Ano / ang nagkadena sa aming kaluluwa?" Pagkagapos o pagkabilanggo ang sinasagisag ng "kadena" sa "nagkadena" kaya madilim din itong pangitain. Ibig sabihin, hindi o mahirap silang makalaya sa isa't isa o hindi nila mapalalaya ang isa't isa. Ngunit dahil siya, ang persona, ang nakaaangat, nakaririwasa ang kalagayan, nakadarama siya ng pagkakasala, pagkakonsiyensiya (*guilt*):

...Ang bulwak-bulkan ay paglusob
sa kuta ng nakagawiang ligaya
upang kalabitin ang budhi, at ito'y
ihinudyat ng puting abo sa balat
at sa bubong ng bahay.

Pansining "kinakalabit ang kanyang budhi." At nakikita niya ang lalim at lawak ng pinsalang dala ng pagsabog ng bulkan lalo sa mga katutubo:

...Hindi matarok
ang halaga ng pinsala sa Zambales—
di mabilang ang tirahan at buhay na
tinangay ng lahar, kay lawak ng lungkot—
subalit damdam nila ang hapdi sa utak
dahil hindi masawata ng de lata

at tinapay ang halimaw sa kanilang
bangungot. Marupok ang hibla kung basa,
hindi maitaling mahigpit ang isip
sa iniisip.

Narito ang malaking kabalintunaan ng kanyang kalagayan bilang edukado't pribilehiyadong makata—mayroon siyang kakayahan subalit wala siyang magawa. Totoo man ito o pinili/pinipili niya. Maaaring tumutukoy nga ang balintunang linyang "hindi maitaling mahigpit ang isip / sa iniisip" sa mga katutubo dahil sa kanilang danas ng pagdarahop at pagdurusa, pero maaaring tumutukoy rin sa kanyang sariling pag-iisip lalo pa't ipahahayag niya ang kanilang "pagsasanib" sa mga kasunod na taludtod. Bakit sila maaaring maging magkasanib? Dahil nahanap niya umano ang kanilang "pagkakatulad" gaano man ito kaarbitrario, kung hindi man ganap na di-nakakukumbinsi. Para sa kanya, dahil sa pagkakatiwalag ng mga katutubo sa kanilang lupain bunga ng kalamidad ay

...Naputol
na ang tali sa kanilang Diyos,
wasak na ang altar, ang simbahang gubat,
ang awiting-anghel sa buwang-liwayway...

At siya naman, sa kabilang banda, bunga ng kanyang pagiging makata, ng kanyang edukasyon, ng kanyang pagiging palaisip, at ng kanyang burgis na kalayawan ay

...malaon na ring nilisan
ng aking Diyos

at siyang kinanlungan ng mga katutubo—bagamat sino ang makapagpapatunay nito? Maaaring bunga lang din ito ng kanyang ilusyon gaya ng maaaring ilusyon niya ng kanilang pagkakatulad at ergo, pagkakasanib. Gayunman, kahit ang pagsasanib na ito ay tila hindi makasasapat. Nananatiling madilim ang kanyang pananaw sa kasalukuyan at sa hinaharap. Matapat sa katangian ng isang pesimista. Aniya sa huling bahagi ng tula:

Sa pagsasanib na ito, anong tulong
ang aming makakalap upang idampi
sa sugat? Ilang tula ang nararapat

kong ikatha upang mabunyang ang lalim
ng dusa? Pinagmasdan ko sina Dante,
Shakespeare at Balagtas sa abang pagsamo:
"Saan kami lilikas para linisin
ang makapal na abo sa aming puso?"

Maaaring nagkakamali ako, pero hindi madaling matagpuan sa mga linyang ito ang sinasabi ni Bautista na "konting bahid ng pag-asa." Dahil kahit ang persona mismo na nagsabing siya ang kinanlungan ng mga katutubo, sa kanilang naging pagsasanib ay hindi niya sila kayang mailigtas. Sa halip, siya man ay nadamay na sa kanilang kalagayan: "anong tulong / ang aming makakalap upang idampi / sa sugat?" Pansinin ang gamit ng panghalip-maramihan, ang "amin" sa "aming makakalap." Kapwa ligaw ang ngayo'y nagsanib na mga katutubo at makata at hindi sasapat ang kanyang mga tula upang maisiwalat ang ubod ng kanilang danas. Walang magagawa kahit ang impluwensiya ng mga higante ng panitikan sa kanya, Kanluranin man o kababayan. At walang sagot ang retorikal na tanong sa huling dalawang linya lalo pa't sa pagkakataong ito ay hindi literal ang tinutukoy na "abo" sa puso.

Mahihinuha lang na maiuugnay ito sa “pag-ibig na hindi nahihingi” at sa totoong kay saklap na (binging) kapalaran. Kambal na taludtod itong nananatiling nakabitin—sa pahina at maging sa labas ng pahina.

Nasaan kung gayon itong katiting na pag-asa ni Bautista?

Balikan natin ang linya 45 sa tula: “sa sugat? Ilang tula ang nararapat”—malakas ang linyang ito dahil maituturing na run-on line (“sa sugat—ilang tula ang nararapat”) at muli, matagumpay na naka-enjamb sa pagputol sa linya pagkaraan ng salitang *nararapat*. Ang wika para kay Bautista ay isang “sugat” na “hadlang sa pagkakamit ng tunay na katauhan” (*Kataga XV*), kaya kung sugat ito, natural lang na kailangan niyang gamutin (“anong tulong ang makakalap upang idampi sa sugat”) o bakahin dahil nga lagi siyang nakikipagtagisan sa salita. Nang tanungin siya sa panayam ni Luna Sicat Cleto tungkol dito, aniya:

When you write you struggle. Language itself as a struggle. Life as a struggle with language and its cultural affinities. That is the kind of struggle that I am talking about, because it's a new world to you. You try to use all your abilities and all your helps that you can get from your own readings, and your own work to reconcile your world to reconcile with your own words. Owning your words as an outsider in your own words. It is a struggle that is not really the struggle associated with revolution. It's more of a kind of metaphor for me. An internal struggle, an inner struggle, to find himself, in a world that tries to taste, that tries to take this self away from yourself, from what you're really supposed to be. For me, that sums it up. (225)

Itong panloob na tunggalian o talinghaga ng panloob na tunggalian na tinutukoy ni Bautista sa paghahanap ng sarili, na ipinamamalas sa pamamagitan ng pakikipagbuno sa salita na mababakas sa tula ang maaaring masalamin din sa “Ilang Aeta sa Botolan” at sa iba pang tula na nakapaloob sa *Kirot ng Kataga* hanggang sa kahulihang tula, ang siyang tulang-pamagat nga ng koleksiyon. Dito mismo sa manipistasyong ito ng pakikipagtagisan sa salita via proseso at resulta ng paglikha ng tula, maaaring sabihin—iaargumento ko—na nakasilid, nakalagak—matatagpuan—ang “bahid ng pag-asa” ni Bautista. Ang kanyang hindi nawawalang paniniwala sa kabutihan

ng tao. At dahil siya ay tao, sa kanya ring kabutihan. At dahil siya ay makata rin, sa kabutihan din ng makata, o kung hindi man ng makata, ay sa kabutihan ng tula. Kaya siya patuloy na nagsusulat, sa kabila ng malaking karimlan, ay dahil sa kanyang konting pag-asa. Dahil hindi pa siya ganap na nilalamon ng kanyang pesimismo. Ang isang ganap na pesimistang manunulat ay hihinto na sa pagsusulat. Dahil bakit pa?

Sa ilang pagkakataon, eksplisito niyang ipahahayag itong pag-asang ito lalo na sa pagwawakas ng kanyang mga obra sa kabuuan. Halimbawa sa kongklusyong aklat ng kanyang trilohiya ni San Lazaro, ang *Sunlight on Broken Stones*, tinapos niya ito sa bahid ng pag-asa pagkaraang itanghal at tistisin ang karimlang namamayani sa bayan. Sa pahayag niya kay Baytan tungkol dito, aniya: “...there is this great foreshadowing of sunlight coming into the country. Sunlight, sunlight, sunlight. Our culture is all broken stones. Now there is sunlight on those broken stones. So there is that kind of promise, the correction (221).” Gayundin naman, sa pagwawakas ng tulang “Kirot ng Kataga” sa pagwawakas ng aklat na *Kirot ng Kataga*, narito ang katulad ng nabanggit na liwanag, bagamat maaaring dito nagsimula ang gayong ideya yamang apat na taong naunang ilathala ang *Kirot* kaysa *Sunlight*:

Malayo pa iyan, totoo, ngunit nakikita ko ang sinag
sa likod ng lambong ng abo at lambong ng gabi,
kahit na tinutudyo mo kami ng larawan ng hungkag na bukirin.
Kung inaawit namin ang kaluwalhatian mo
sa gitna ng aming pagdurugo,

kung kami'y nagsisindi ng kandila sa gitna ng bagyo,
ito'y dahil pinipilit mo kaming maging duwag.
Subali't lagi kitang mamahalin, Pilipinas,
dahil sa lalim ng gabi, kapag tinatangka ng kaaway

na lupigin ang aming panaginip,
kapag ang pera sa aming bundok at gubat
ay kinakamkam ng mga banyaga,
kapag kami ay pilay at giniginaw,

kapag gumugulong ang araw sa puntod ng gutom,
pinag-iisa mo kami sa init ng iyong tinig
na nagbubulong ng salitang kagaya ng
“Kapayapaan,”
salitang kagaya ng “Kalayaan.”

Sa huli, sa ating panahon ngayon na hindi malayo sa noo’y sinasabi ni Bautista na panahon niyang nakagigimbal at nakalulungkot bagkus ay lagpas-lagpas pa nga dahil nariyan pa rin at higit na makapal at malawak ang “lambong ng abo at gabi,” nariyan pa rin ang mga bagyong bumubuhos at bumibigwas sa atin, nariyan pa rin ang mga banyagang kumakamkam ng ating lupain at karagatan at ang mas malubha ay kasapakat ang sarili nating mga pinuno, nariyan pa rin ang gutom at may kapansanan pa rin tayo sa gitna ng pandemyang walang sapat na ayuda at maayos at maaasahang tugong medikal ng gobyerno bukod sa iba pang suliraning panlipunan, maitatanong natin sa ating mga sarili: maiiwasan ba ang maging pesimista at may pag-asa pa ba? Marahil nga ay kailangan nating lagi’t laging bumalik sa mga akdang gaya ng kay Bautista upang sumulong gaano man ito kabalintuna.

Mga Tala-huli

¹ Mula sa Pangunang Salita ni Cirilo F. Bautista sa *Kirot ng Kataga*, aniya: Dito sa *Kirot ng Kataga* ay itinatuloy ko ang pagtalakay sa wika bilang isang hadlang sa pagkakamit ng tunay na katauhan, isang “sugat,” gaya ng ipinahayag ko sa *Sugat ng Salita*. Ang salita ang puno at dulo ng ating siphayo sa daigdig sapagkat sa kabila ng katotohanang hindi tayo mabubuhay kung wala ito ay hindi ito kailanman magiging sapat upang ipahayag ang ating isip at damdamin. (*Kataga* XV)

² Magkamag-anak halos ang balintuna at parikala. Parehong may talas na makasusugat ng diwa at damdamin. Gayunman ay magkaiba ang dalawa. Ang parikala ay mga pahayag na ang lantad na kahulugan ay hindi katugma ng nilalayong kahulugan. Samantala, ang balintuna naman ay mga pahayag na hinahamon o nilalabanan ang intuwisyon dahil tila tumutungo sa mga di-maipagkakasundong kontradiksiyon. Tunggalian kung gayon ang nasa ubod ng balintuna. Salungatan ng/sa loob at labas ng mga salita.

Mga Tekstong Binanggit

- ABS-CBN Investigative and Research Group. “Philippines’ total loans to address pandemic balloon to P754 billion.” *ABS-CBN News*, 2020, <https://news.abs-cbn.com/spotlight/04/23/21/philippine-government-loans-total-covid19-vaccines-58billion-pandemic-response>.
- Bautista, Cirilo F. *Kirot ng Kataga*. De La Salle University Press, Inc., Malate, 1995.
- Baytan, Ronald. “Intensities of Signs: An Interview with the Visionary Cirilo F. Bautista.” *Likhaan*, tomo 6, 2012, mp. 207–236.
- Cleto, Luna Sicut. “Ang Birtud ng Talinghaga sa Buhay at Akda ni Cirilo F. Bautista.” *Likhaan*, tomo 9, 2015, mp. 209–254.
- Corrales, Nestor at Nikka G. Valenzuela. “Drug War Deaths Worsened Amid COVID-19 Pandemic.” *Philippine Daily Inquirer*, 2020, <https://newsinfo.inquirer.net/1340342/drug-war-deaths-worsened-amid-covid-19-pandemic>.
- DA Communications Group. “Agri Damage from Taal Eruption Reaches 3B.” Department of Agriculture, 2020, <https://www.da.gov.ph/agri-damage-from-taal-eruption-reaches-php3b/>.
- Ocampo, Karl R. “190 farmer-leaders killed in last 5 months.” *Inquiret.Net*, 2020, <https://newsinfo.inquirer.net/1299885/190-farmer-leaders-killed-in-last-5-months>.